# *Kaalaman Mula sa Pagkabata ni Jesus*

***"41 At nagsisiparoon taon-taon ang kaniyang mga magulang sa Jerusalem sa kapistahan ng paskua.42 At nang siya'y may labindalawang taon na, ay nagsiahon sila ayon sa kaugalian ng kapistahan;43 At nang kanilang maganap na ang mga araw, sa pagbalik nila, ay naiwan ang batang si Jesus sa Jerusalem; at di nalalaman ng kaniyang mga magulang;44 Nguni't sa pagaakala nilang siya'y nasa kasamahan, ay nagsiyaon sila nang isang araw na paglalakbay; at hinahanap nila siya sa mga kamaganak at mga kakilala;45 At nang di nila siya matagpuan, ay nagsipagbalik sila sa Jerusalem, na hinahanap siya.46 At nangyari, na nang makaraan ang tatlong araw, ay nangatagpuan nila siya sa templo, na nakaupo sa gitna ng mga guro, na sila'y pinakikinggan, at sila'y tinatanong:47 At ang lahat ng sa kaniya'y nangakakarinig ay nagsisipanggilalas sa kaniyang katalinuhan at sa kaniyang mga sagot.48 At nang siya'y mangakita nila, ay nangagtaka sila; at sinabi sa kaniya ng kaniyang ina, Anak, bakit ginawa mo sa amin ang ganyan? narito, ang iyong ama at ako na hinahanap kang may hapis,49 At sinabi niya sa kanila, Bakit ninyo ako hinahanap? di baga talastas ninyo na dapat akong maglumagak sa bahay ng aking Ama.50 At di nila naunawa ang pananalitang sa kanila'y sinabi.51 At lumusong siyang kasama nila, at napasa Nazaret; at napasakop sa kanila: at iniingatan ng kaniyang ina sa kaniyang puso ang lahat ng mga pananalitang ito.52 At lumalaki si Jesus sa karunungan at sa pangangatawan, at sa pagbibigay lugod sa Dios at sa mga tao." (Lucas 2 :41-52)***

Ang kaisipan at kaunawaan ng mga tao ay nagdidikta na ang mga bata ay dapat mapasama sa ibang mga bata upang maglaro, makipagkarera, at makipag-usap sa isa't isa. Mayroong paniwala sa karamihang mga kultura na ang mga bata ay mabuti para sa mga bata. Kaya naman makikita mo kahit saan ang mga bata kasama ng mga abta sa kalye, paaralan, simbahan, halamanan, parke, atbp.

Ipingpalagay ng mga tao na upang matuto ang mga bata ay maglaan ng sapat na oras kasama ang mga kasinggulang nila. Ngunit ang opinyong bang ito ay nasa Kasulatan? Ang Bibliya ba ay nagbababala sa mga magulang na magbigay ng sapat na pakikipag-ugnayan sa lipunan para sa kanilang mga anak? Hindi! Sa katunayan lahat ng babala na alam ko ay nakatuon sa panganib niyan. Nagbabala si Pablo tungkol sa pagkakaibigan na sinasabi ***"Huwag kayong padaya: Ang masasamang kasama ay sumisira ng magagandang ugali." (1 Corinto 15:33)*** Ang ibang mga bata, media, TV, at mga laro ay magpapasama sa ating mga anak. Ito ay hindi mahalay na pagkikipagkaibigan ay 'maaring' maging masama. Walang 'siguro' o posible' dito. Ang di makaDiyos na pagsasama ay tiyak na isang masamang impluwensya sa lahat ng pagkakataon.

Si Solomon ay nagbabala sa kanyang anak sa pagsasabi sa kanya, ***"Lumalakad ka na kasama ng mga pantas na tao, at ikaw ay magiging pantas; nguni't ang kasama ng mga mangmang ay mapapariwara." (Kawikaan 13:20)*** Paano mo masasabi na ang iyong mga anak ay nakakaranas ng pakikipagkasundo sa mga mangmang? Ang mga mangmang ay mga hangal. Ang Bibliya ay nagsasabi as atin kung saan malamang makikita natin ang kamangmangan. Lumalakad ka na kasama ng mga pantas na tao, at ikaw ay magiging pantas; nguni't ang kasama ng mga mangmang ay mapapariwara. ***Kawikaan 22:15 KJV*** sinasabi, ***"Ang kamangmangan ay nababalot sa puso ng bata; nguni't ilalayo sa kaniya ng pamalong pangsaway."*** Ang talatang ito ay nagsasabi sa atin ng isang hindi maiiwasang paglaan ng kamangmangan – sa mga bata, at ang paraan upang maalis ang kamangmangan sa kanila ay sa pamamagitan ng pamalo upang paluin sila. Plano ba ng Diyos na ang mga anak ay alagaan ng mga nakatatanda (partikular sa mga mga magulang) kaysa sa mga bata.

Sa huli ang Bibliya ay may ganap na naiibang konsepto at paninindigan; hindi pinahahalagahan ng Bibliya ang mga bata na may halong ibang bata. Ang mga bata ay likas na mangmang at hindi dapat pahintulutang makihalubilo sa isa't isa nang walang pangangasiwa ng mga sapat na gulang na responsableng nakakatanda. Ang paghahalo sa mga bata sa ibang bata ay magtuturo sa kanila ng kalokohan, kaya naman hindi ko pinapayagan na mga bata na makipag-usap sa ibang mga bata kahit sa paaralan ng simbahan namin, at binibilinan ko ang mga magulang na huwag hayaan ang kanilang mga anak na makihalubilo sa ibang mga bata, dahil sila ay magpapalitan lamang ng kalokohan sa isa't isa.

Pinuna ni Jesus ang mga humahamak kay Juan Bautista at inihambing niya sila sa mga bata tulad ng sumusunod: ***"16 Datapuwa't sa ano ko itutulad ang lahing ito? Tulad sa mga batang nangakaupo sa mga pamilihan, na sinisigawan ang kanilang mga kasama.17 At sinasabi, Tinutugtugan namin kayo ng plauta, at hindi kayo nagsisisayaw; nagsipanambitan kami, at hindi kayo nangahapis." (Mateo 11:16-17)*** Halatang inihalintulad ni Jesus dito ang kanilang kamangmangan sa kamangmangan ng mga batang naglalaro sa lansangan. Ang mga bata sa lansangan ay mga batang mangmang na tao.

Sa ***Mateo 19:13-15 KJV "13 Nang magkagayon ay dinala sa kaniya ang maliliit na bata, upang ipatong niya ang kaniyang mga kamay sa kanila, at ipanalangin: at sinaway sila ng mga alagad. 14 Datapuwa't sinabi ni Jesus, Pabayaan ninyo ang maliliit na bata, at huwag ninyong pagbawalan silang magsilapit sa akin:***

***sapagka't sa mga ganito ang kaharian ng langit. 15 At ipinatong niya ang kaniyang mga kamay sa kanila, at umalis doon."*** Ang mga bata ay hindi kusang lumapit kay Jesus kundi sila'y dinala sa Kanya sa pamamagitan ng mga taong may pananagutan sa kanila. Kaya tinanggap natin ang mga bata na dinala sa Simbahan ng Diyos, dinala kay Jesus sa pamamagitan ng kanilang mga magulang.

Batid natin na si Jesus ay Diyos ang ating Tagapagligtas, at Siya ay dumating upang iligtas ang sanglibutan, kaya ang lahat ng Kanyang ginawa sa Kanyang pagkabata ay hindi lamang tama at mabuti kundi nakdirekta patungo sa tagumpay ng Kanyang misyon. Bibigyan tayo ng Diyos ng katagumpayan sa ating buhay kung itutuon natin kay Jesus at gagawin kung ano ang tama sa Kanyang paningin. Mula sa ***Lucas 2:41-52*** at ang pangyayari iyon mula sa buhay ni Jesus noong siya ay bata pa ay makakakuha tayo ng mabuting konklusyon para sa pagpapalaki ng mga anak na maka-Diyos.

1. ***Ang mga bata ay dapat kasama ng kanilang mga magulang upang matuto mula sa kanila:*** Ang mga bata ay dapat kasama ng kanilang mga magulang upang matuto mula sa kanilang mga magulang ng mabuting asal, ng magandang gawi, ng mabuting pag-uugali at matuto ng mabuting kasanayan sa buhay. Kaya naman ang mga magulang ay dapat maging mabuting halimbawa sa kanilang mga anak. Ang masamang magulang ay masamang halimbawa at makakapinsala sa kanilang mga anak. Ang mga bata ay dapat maging masaya sa kanilang pananatili sa kanilang mabuting mga magulang. Mabuti din na makipaglaro sa mga magulang at lasapin ang oras na kasama sila. Nagbibigay ang mga magulang ng pagkain at pag-aalaga para sa mga anak, at ito'y mabuti na ang mga anak ay tinutulungan sila sa bahay at nakikinig at sumusunod sa kanila upang maging madali ang kanilang buhay. Ito ay nabasa natin tungkol kay Jesus at mabuting halimbawa sa mga bata: ***"At lumusong siyang kasama nila, at napasa Nazaret; at napasakop sa kanila: at iniingatan ng kaniyang ina sa kaniyang puso ang lahat ng mga pananalitang ito." (Lucas 2:51)***

2. ***Dapat dalhin ng mga magulang ang kanilang mga anak sa simbahan ng Diyos:*** Si Jesus ay pumunta kasama ng kaniyang mga magulang sa templo sa kapistahan ng Paskua nang Siya ay labindalawang taong gulang: ***"41 At nagsisiparoon taon-taon ang kaniyang mga magulang sa Jerusalem sa kapistahan ng paskua. 42 At nang siya'y may labindalawang taon na,ay nagsiahon sila ayon sa kaugalian ng kapistahan;" (Lucas 2:41-42)*** Ngayon, tayo ay simbahan ng Diyos, at kailangang dalhin nating ang ating mga anak kasama natin upang marinig ang Salita ng Diyos, at matuto ng mabubuting bagay mula sa Salita ng Diyos at isagawa ang mga ito sa kanilang buhay. Ang mga magulang ni Jesus ay pumupunta kada taon sa kapistahan ng Paskua; kinakailangan nilang maglakbay mula sa bayan ng Nazareth patungong Jerusalem na humigit-kumulang 79 milya ang layo (25 na oras na paglalakad). Dapat turuan at sanayin ng mga magulang ang kanilang mga anak na panatilihin ang kanilang pangako sa simbahan ng Diyos at handang magbigay ng oras, at anuman ang kinakilangang pagsisikap at mapagkukunan upang dumalo at makibahagi sa gawain ng Diyos.

3. ***Dapat samahan ng mga anak ang mga magulang na direktang may pananagutan para sa kanilang mga anak: "At nang kanilang maganap na ang mga araw, sa pagbalik nila, ay naiwan ang batang si Jesus sa Jerusalem; at di nalalaman ng kaniyang mga magulang;" (Lucas 2:43)*** Hindi alam na alagaan ni Jose at Maria ang kanilang anak, si Jesus. Maraming mga magulang ang kumilos sa ganoong paraan na hindi iniisip kung nasaan ang kanilang mga anak at kung kanino siya pupunta.

4. ***Hindi dapat matuwa ang mga anak na ang kanilang mga magulang ay malayo sa pangangasiwa sa kanila:*** Minsan iniiwan ng mga magulang ang mga anak na nag-iisa. Maaring ipahintulot iyon ng Diyos, at maaring iyon ay isang pagsubok sa mga bata kung paano nila ilalaan ang kanilang oras at kung paano sila magpapakabait. Dapat mabatid ng mga bata na ang Diyos ay nagbabantay sa kanila at dapt huwag silang gumawa ng masama.

5. ***Ang mga bata ay hindi dapat maihalo sa mga kamag-anak o kaibigan ng walang presensiya ng mga magulang. "44 Sa pag-aakalang siya ay kasama ng pangkat, nagpatuloy sila sa maghapong paglalakbay. Pagkatapos, siya ay hinanap nila sa kanilang mga kamag-anak at mga kakilala." (Lucas 2:44 NIV) "44 Nguni't sa pagaakala nilang siya'y nasa kasamahan, ay nagsiyaon sila nang isang araw na paglalakbay; at hinahanap nila siya sa mga kamaganak at mga kakilala;" (Lucas 2:44 KJV)*** Nang si Jose at Maria ay umalis si Jesus ay nag-iisa. Hindi siya makita sa mga kamag-anak at kakila. Si Jesus ay Diyos at hindi gagawa ng masama at pupuntang mag-isa sa mga kakila at kamag-anak at maglalaan ng oras sa kanila. Si Jesus ay hindi pumunta sa mga kakila at kamg-anak at hindi sumama sa ibang mga bata nang iniwan Siya ng kanyang mga magulang sa Jerusalem. Maraming mga magulang ang hinahayaan ang kanilang mga anak na sumama sa kanilang mga kaibigan, kabitbahay, o sa kanilang mga kamag-anak dahil lamang sa kadahilanang maaring makakuha sila ng ilang pakikisaluma at kasiyahan, o iiwan nila sila upang pangalagaan ang mga ito at alagaan sila. Hindi iyon isang malusog na dahilan o isang malusog na kapaligiran para sa kanilang paglaki. Ang ibang mga

magulang ay iniiwan nila ang kanilang mga anak sa harap ng TV, kompyuter, You Tube, video, mga laro bilang isang paraan upang maalagaan sila para hindi sila magambal, ngunit iyon ay may mas nakakasamang epekto sa kanilang buhay.

6. ***Dapat maingat na hanapin ng mga magulang ang kanilang mga anak: "At nang di nila siya matagpuan, ay nagsipagbalik sila sa Jerusalem, na hinahanap siya." (Lucas 2:45)*** Kapag ang iyong anak ay nawawala mula sa iyong palibot, sa gayon kailangan mong kumilos ng mabilis upang hanapin siya. Ginawa ng Diyos na may pananagutan ka para sa iyong anak/mga anak at kailangan mong magbigay-sulit sa kanila sa harap ng Diyos. Kapag ang iyong mga anak ay nagtatago at walang tinig na nanggagaling mula sa kanya, maaring siya ay gumagawa ng kalokohan.

7. ***Iyon ay pagkakamali ng mga magulang kung ang bata ay mawala: "At nang siya'y mangakita nila, ay nangagtaka sila; at sinabi sa kaniya ng kaniyang ina, Anak, bakit ginawa mo sa amin ang ganyan? narito, ang iyong ama at ako na hinahanap kang may hapis." (Lucas 2:48)*** Hindi iyon pagkakamali ni Jesus kundi pagkakamali ng kanyang mga magulang. Sa parehong paraan iyon ay iyong pananagutan bilang mga magulang na tingnan ang iyong mga anak.

8. ***Ibinigay ng Diyos sa mga magulang ang kapangyarihan sa kanilang mga anak at ipinagkaloob sa kanila ang paggalang at parangal: "At lumusong siyang kasama nila, at napasa Nazaret; at napasakop sa kanila: at iniingatan ng kaniyang ina sa kaniyang puso ang lahat ng mga pananalitang ito." (Lucas 2:51 KJV)*** Si Jesus ay masunurin sa Kanyang makalupang mga magulang. Ang iyong mga anak ay susunod sa iyo habang iyong isinasagawa ang iyong kapangyarihan sa kanila at disiplinahin sila.

9. ***Hindi dapat ipagkatiwala ang mga bata o ipasailalim ang pangangalaga sa mga tagapagturo ng Salita ng Diyos: "At nangyari, na nang makaraan ang tatlong araw, ay nangatagpuan nila siya sa templo, na nakaupo sa gitna ng mga guro, na sila'y pinakikinggan, at sila'y tinatanong:" (Lucas 2:46)*** Kung Jesus, ay iniwang Siya ng Kanyang mga magulang, ang tanging lugar na kailangan Niyang ingatan ang Kanyang Sarili ay kasama ng mga tagapagturo ng Salita ng Diyos. * * Para sa ilang tiyak na dahilan na hindi mo kayang alagaan ang iyong anak/mga anak kasama mo, sa gayon kailangan mong ipagkatiwala sila na mapasa lingkod ng Diyos na maaring mag-alaga sa kanila at tingnan ang iyong mga anak ngunit sa maikling panahon hanggang ikaw ay makabalik upang makasama ang iyong anak/mga anak. * Ayaw ng Diyos na iwanan mo ang iyong anak sa ibang mga bata, kasama ng mga kaibigan, kamag-anak, o pambulikong paaralan, mga guro, o sa harap ng TV, laptop, kompyuter, mga laro o mobiles. *Kinamumuhian ako ng mga tao sa katuruang ito, umalis ang mga tao sa simbahan dahil sa pagpapatupad ko nito, ngunit iyon ang totoo at lahat tayo ay kailangan nating sundin.

10. ***Dapat gawin ng mga magulang ang direktang pananagutan upang turuan ang kanilang mga anak ng Salita ng Diyos: "At nangyari, na nang makaraan ang tatlong araw, ay nangatagpuan nila siya sa templo, na nakaupo sa gitna ng mga guro, na sila'y pinakikinggan, at sila'y tinatanong:" (Lucas 2:46)*** Hindi lamang nakikinig si Jesus kundi siya ay ganap na nakatuon sa mga sinasabi ng mga guro at maging siya ay nagtatanong sa kanila. Ang mga panuto ng Banal na Kasulatan ay ***"Turuan mo ang bata sa daan na dapat niyang lakaran, at pagka tumanda man siya ay hindi niya hihiwalayan." (Kawikaan 22:6) at "6 At ang mga salitang ito, na aking iniuutos sa iyo sa araw na ito, ay sasa iyong puso;7 At iyong ituturo ng buong sikap sa iyong mga anak, at iyong sasalitain tungkol sa kanila pagka ikaw ay nakaupo sa iyong bahay, at pagka ikaw ay lumakad sa daan, at pagka ikaw ay nahihiga at pagka ikaw ay bumabangon." (Deutronomio 6:6-7)*** ay itinuturo sa atin na ang mga bata ay ibinigay sa mga magulang, hindi sa ilang mga institusyon upang turuan sila. Kaya naman ang mga magulang ay dapat magbasa at alamin kung ano ang nasa Bibliya upang ituro sa kanilang mga anak ang Salita ng Diyos, at turuan silang isagawa sa araw-araw ng pagbabasa ng kanilang Bibliya, pagnilayan ang Salita ng Diyos at sundin kung ano ang sinasabi. Mga magulang ikaw ba ay nagbabasa ng iyong Bibliya? Mga bata ikaw ba ay nagbabasa ng iyong Bibliya? Pinagninilayan mo ba ang Salita ng Diyos? Sinusunod mo ang Salita ng Diyos?

Ang mga namumuno sa simbahan ay ang ***"Sa ikasasakdal ng mga banal, sa gawaing paglilingkod sa ikatitibay ng katawan ni Cristo:" (Epeso 4:12)*** hindi upang 'gawin ang gawain para sa mga banal.' Ang simbahan ay kailangang sanayin ang mga magulang na gawin ang kanilang pananagutan para sa pagdidisiplina at pagdidisipolo sa kanilang sariling mga anak. Ang simbahan ay dapat manindigan katabi ng mga magulang at tulungan sila at hikayatin sila, itatag sila at sanayin sila sa paraan na nais ng Diyos sa kanila upang palakihin ang kanilang mga anak sa makaDiyos na paraan. Sa ***Mateo 19:13-15 "13 Nang magkagayon ay dinala sa kaniya ang maliliit na bata, upang ipatong niya ang kaniyang mga kamay sa kanila, at ipanalangin: at sinaway sila ng mga alagad.14 Datapuwa't sinabi ni Jesus, Pabayaan ninyo ang maliliit na bata, at huwag ninyong pagbawalan silang magsilapit sa akin: sapagka't sa mga ganito ang kaharian ng langit.15 At ipinatong niya***

***ang kaniyang mga kamay sa kanila, at umalis doon."*** Ang mga batang dinala kay Jesus ng mga tao na may pananagutan sa kanila. Samakatuwid, kapag ang mga bata ay dinala sa simbahan ng Pangioon, ay dapat kasama ang kanilang mga magulang, Ngunit kapag ang mga ama o ina ay binigo ang Diyos at isinapamuhay ang kanilang buhay sa kasalanan, natagpuan natin ang ating sarili, bilang Simbahan ng Diyos, ay naging mga magulang at tagapag-alaga ng mga mahihirap at may suliraning mga bata.

11. ***Pinagtibay ni Pablo ang pananagutan ng mga anak sa kanilang mga ama: "At, kayong mga ama, huwag ninyong ipamungkahi sa galit ang inyong mga anak: kundi inyong turuan sila ayon sa saway at aral ng Panginoon." (Epeso 6:4 KJV)*** **'Turuan'** sa talatang ito ay ang Salitang ginamit para sa **'Paideia'** na ibig sabihin: Ang buong pagsasanay at edukasyon ng mga bata (na nauugnay sa paglinang ng isip at moral, katangian at pag-uugali). Para sa layuning ito gumamit ng mga utos, paalala, pagsaway at parusa. Kasama rin dito ang pagsasanay at pangangalaga ng katawan gaya ng pagkontrol ng timbang ng katawan, gawi sa pagkain, oras sa pagtulog, at oras. Ang lahat ng mga aspetong ito ay dapat gawin ng mga magulang. Maraming hindi nila maunawaan ang talatang ito at sasabihin nila na mga magulang ay hindi dapat maglapat ng disiplina sa kanilang mga anak. Ngunit kapag ang disiplina ay wala, o kapag ang isa sa mga magulang ay hindi nagdidisiplina kung gayon ang mga bata ay malamang na maging mailap at mapukaw na gumawa ng masama. Kapag ang ganyang disiplina ay wala, o ang isa sa mga magulang ay hindi nagdidisiplina, ang mga bata ay nasa ilalim ng kontrol at kapag naitama mo sila, sila ay maiinis at mag-aapoy sa galit na gumawa ng mali, Ang pag-aalaga sa mga bata ay nangangahulugan ng pagdidisiplina sa kanila, kahit na sa pamamagitan ng pamalo, upang sila ay kumikilos at lumalago sa paraang nais ng Diyos na tahakin nila. ***"Turuan mo ang bata sa daan na dapat niyang lakaran, at pagka tumanda man siya ay hindi niya hihiwalayan." (Kawikaan 22:6)***

Sa panahon ng pag-aayuno na ginawa ni Jehoshapt upang harapin ang tatlong mananakop na mga sundalo mababasa natin kung paanong ang pamilya ay dumating nang magkakasama upang harapin ang pangyayari: ***"At ang buong Juda ay tumayo sa harap ng Panginoon, pati ang kanilang mga bata, ang kanilang mga asawa, at ang kanilang mga anak." (2 Cronica 20:13)*** Dito pinananatiling buo ang mga pamilya, dumating ang mga lalaki kasama ng kani-kanilang mga asawa, mga anak at maliit bilang buo na yunit. Hindi natin makikilala ang mga bata, kabataan o mga pangkat ng kababaihan nang hiwalay, tulad ng nakikita natin sa ngayon sa mga simbahan ng Diyos, ngunit ang mga pamilya ay may kaayusan, ang ama kasama ang ina at ang mga anak at maliliit na bata.

***Sa aking Mahal at Minamahal:*** Ang iyong mga anak ay anak ng Diyos, at ibinigay Niya sa iyo upang palakihin sila sa itinakdang paraan na sa huli'y maglilingkod sila sa Kanya at manguna sa paggawa ng kalooban ng Diyos at ng gawain ng Diyos at maging Kanyang kasangkapan sa pagliligtas sa sangkatauhan mula sa panganib ng kasalanan at diablo.

Kung ikaw ay maingat na gawin ang mga bagay na ito sa gayon tiyak ang Diyos ay nalulugod sa iyo at ang iyong mga anak ay lumalaki sa pabor ng Diyos at ng tao, gaya ni Jesus, ***"At lumalaki si Jesus sa karunungan at sa pangangatawan, at sa pagbibigay lugod sa Dios at sa mga tao." (Lucas 2:52)*** Dito ka tinawag bilang mga magulang at nais ng Diyos na hangarin mong makipagtulungan sa Kanya at gawin nang maayos ang iyong bahagi habang sumasang-ayon kang manalangin.

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Diyos Ako ay lumalapit sa iyong harapan sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon salamat sa iyong Salita na malinaw na inihayag sa akin ang iyong kalooban at ang iyong mabuting plano para sa akin at sa aking pamilya.*

*Magsisi at talikdan ang lahat ng iyong mga kasalanan; sa pagiging masamang halimbawa sa iyong mga anak, walang pag-iingat, walang pagdidisiplina, at hinahayaan ang iyong mga anak na pumunta sa iba, at sa ibang mga bata ng wala ang iyong presensya, at nasa TV mobile, at sa Media. Panginoon ako'y nagsisisi at aking tinatalikdan ang sumusunod na mga kasalanan.*

*Panginoon tinatanggap ko ang iyong pagtawag at bilin sa akin upang pangunahan ang aking pamilya at upang palakihin ang aking mga anak sa makaDiyos na paraan, na magiging iyong mga lingkod upang pangunahan ang iba sa katuwiran. Panginoon pasakdalin mo pa ako ng higit at ibigay ang para sa akin upang patuloy na gawin ang iyong gawain at kalooban, ito ang aking panalangin sa pangalan ni Jesus, Amen.*

*Panginoon pagpalain ang aking mga kapatid na lalaki at babae na ipinangako ang kanilang buhay na gawin ang gawaing ito na ipinagkatiwala mo sa kanila upang palakihin ang kanilang mga anak sa makaDiyos na paraan. Panginoon ibigay ang para sa kanila at panatilihin ang mabuting mga mapagkukunan sa kanila upang magawa nilang maayos ang kanilang gawain.*

*Panginoon tulungan kami bilang isang simbahan na magpatuloy at gawin ang iyong gawain, at pasakdalin ang mga magulang at sanayin sila upang palakihin ang kanilang mga anak sa isang makaDiyos na paraan. Panginoon buksan mo ang mga puso ng mga tao upang tanggapin at sundin ang Iyong Salita na itinuturo namin sa kanila. Panginoon puspusin kami ng Banal na Espiritu at pangunahan kaming magebanghelyo sa pag-abot sa bagong mga tao ng ebanghelyo at gumawa ng bagong mga alagad at magtanim ng bagong pag-aaral ng Biliya at bagong mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain. Sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi naming madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus, at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Kaalaman Mula sa Pagkabata ni Jesus. Lucas 2 :41-52. 1 Corinto 15:33. Kawikaan 13:20. Kawikaan 22:15. Mateo 11:16-17. Mateo 19:13-15. Kawikaan 22:6. Deutronomio 6:6-7. Epeso 4:12. Mateo 19:13-15. Epeso 4:12. Mateo 19:13-15. Epeso 6:4. 2 Cronica 20:13.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com